Buhay si Hesus!

Binubuksan mo ang Biblia dahil hinahanap mo si Jesus. Ang Biblia ay hindi aklat-dasalan lamang o para matuto tayo. Ang Biblia ang Salita ng Diyos para magbigay sa atin ng buhay.

Nasa sentro ng Biblia ang Krus ni Jesus at ang kanyang Muling Pagkabuhay. Mahirap ang daang iyong tinatahak at hindi mo pa naaaninag ang liwanag sa dulo ng tunel, ngunit matututuhan mo sa Biblia na naglalakad ka papunta sa Muling Pagkabuhay. At maiintindihan mo kung sino para sa iyo si Jesus na muling nabuhay.

Ang Biblia…

Hindi bumagsak mula sa langit ang Biblia. Ang mga librong narito ay hindi ipinahayag mula sa mga ulap ng kung sinong tagapagsalitang galing sa langit. Sa halip, ang mga ito ay matiyagang tinipon sa loob ng mga daan-daang taon sa sinapupunan ng Israel na siyang Bayan ng Diyos, salamat sa pananampalataya ng pinakamulat na minorya nito.

Sa loob ng halos 18 dantaon mula kay Abraham hanggang kay Jesus, palinaw nang palinaw ang pagkadiskubre ng bayan ng Israel na nakipagbuklod sa kanila ang Kaisa-isang Diyos. Ang mga karanasan ng buong bansa, ang mga pagtawag sa mga lalaking iyon na tinatawag na mga propeta na nagsalita sa ngalan ng Diyos, ang mga kabalisahang nadama ng mga suma-sampalataya: sa paano't paano ma'y napabilang ang lahat ng ito sa mga aklat ng Biblia. Ang mga responsable sa relihiyon ng Israel ang tumanggap, pumili at kumilala sa mga librong ito at ibinilang sa Banal na Aklat.

Ganito nabuo ang **Matandang Tipan** ng Biblia. **Tipan** dahil nasa mga librong ito ang pakikipagkasunduan ng Diyos sa kanyang bayang pinili.

Pagkatapos ng napakaraming karanasan, dumating ang panahon ng krisis para sa bayang Israel sa paghahangad ng Diyos na maihatid sila, sa wakas, sa kaganapan ng pananampalataya. Para rito kaya dumating si Jesus. Sa kanya nagkaroong-kaganapan ang pinakamahalagang karanasan sa buong kasaysayan. Si Jesus, ang kanyang mga pagsisikap para mailigtas ang bayang Judio mula sa nalalapit na pagkawasak, ang pagtatakwil sa Kanya, ang kanyang kamatayan, at ang kanyang Muling Pagkabuhay: ito ang naging pinakahuling salita ng Diyos.

Kay Jesus nagsimula ang pangangaral ng Iglesya at ang mga librong isinulat sa pamayanang ito. Ang mga aklat na ito na inaprubahan ng mga responsable sa Iglesya ang naging **Bagong Tipan.**

…at ang Tradisyon

Nakaaabot lamang ang mensahe ng mga aklat ng Biblia sa mga nakikiisa sa karanasan ng pamayanang pinagmulan ng mga librong ito. May isang paraan ng pag-intindi sa Biblia na

natatangi para sa bayan ng Diyos: ito ang tinatawag nating Tradisyon ng bayan ng Diyos. Tinanggap ni Jesus ang tradisyong ito mula sa kanyang pamilya at sa kanyang bayan. At saka niya itinuro sa kanyang mga apostol ang isang bagong paraan ng pag-intindi sa banal na kasaysayang ito. Kaya sinasabi nating Tradisyon ng mga apostol o Tradisyon ng Iglesya.

Hindi tayo makaaasa sa interpretasyon ng kahit na sinong mangangaral para lubos na maintindihan ang Biblia. Kailangang tanggapin natin ito gaya ng pagkaintindi rito ng Iglesya Katolika na itinatag ng mga apostol at laging matapat sa kanilang mga panuntunan.

Saan ba sisimulan ang Pagbasa ng Biblia?

Pinakasimple na ang magsimula sa Ebanghelyo, kung saan natin tahasang makakatagpo si Kristo na siyang Ilaw, Katotohanan at siyang Salita ng Diyos.

At siyempre naman, may mahahalagang aral ang mga pahina ng Matandang Tipan. Subalit lalo itong maiintindihan ng bumabasa nito matapos marinig si Kristo. At makakatagpo siya ng ibang lasa sa mga ito.

May ilan namang sanay nang ala suwerte ang pagbuklat ng Biblia, at iniisip nilang ang unang talatang makita nila ay siyang magbibigay sa kanila ng salitang kinakailangan nila sa pagkakataong iyon. Totoo ngang puwedeng sagutin ng Diyos sa ganito ang kanilang mga kabalisahan, pero kailanma'y walang ipinangako ang Diyos na makikipag-ugnay siya sa atin sa ganitong paraan.

Pinakamabuti pa rin sa lahat ang mabasa ang bawat libro ng Bagong Tipan ayon sa pagkakasunud-sunod nito kahit minsan man lamang. Ang mabuti'y sa Ebanghelyo magsimula: basahin ang tungkol dito sa "Introduksyon sa Apat na Ebanghelyo" sa simula ng Bagong Tipan.

Ang Nilalaman ng Bagong Tipan

ANG APAT NA EBANGHELYO. Mabuting Balita ang ibig sabihin ng salitang Ebanghelyo. Sa mga librong ito isinulat ng mga apostol ni Jesus ang kanilang nakita at natutuhan sa kanya.

Kasunod naman ang aklat ng MGA GAWA NG MGA APOSTOL na sinulat ni Lucas, na siya ring sumulat sa ikatlong Ebanghelyo.

At ang mahigit sa dalawampung SULAT ng mga apostol para sa mga unang pamayanang Kristiyano.

Ang Nilalaman ng Matandang Tipan

ANG MGA AKLAT NG KASAYSAYAN. Matutunghayan natin dito ang pagkilos ng Diyos para palayain ang isang bayang hangad niyang gawing bayan niya. Makikita natin siya na tinuturuan ang bayang ito at binibigyang-kahulugan ang kanilang kasaysayan bilang isang bansa. Tampok dito ang mga aklat na ito: **Genesis, Exodo, Deuteronomio at ang mga libro ni Samuel.**

Paano basahin ang Biblia at di magkamali ng intindi?

1. Huwag mong isipin na ikaw lamang ang kauna-unahang nakaintindi sa mensahe ng Diyos at wala nang mga tunay na Kristiyanong nauna sa iyo. Ito ang paraan para magkaroon ng isa pang tagapagtatag ng kung anu-anong mga sekta.
2. Huwag mong akalain na sa iyo sinasabi nang deretsahan ang anumang salita ng Diyos na mababasa mo sa Biblia para malutas mo ang iyong problema sa araw na ito mismo. Ibinigay ng Diyos ang bawat salita sa mga tao noong araw na nabubuhay ayon sa kanilang kapanahunan. Isipin mo kung ano kaya ang kanilang problema at kung ano naman ang gustong ipaintindi sa kanila ng Diyos. At saka mo maitatanong: Anong liwanag ang ibinibigay ng mensaheng ito sa kasalukuyang panahon at kalagayan?
3. Mahigit sa labinlimang dantaong tinuruan ng Diyos ang kanyang bayan mula kay Abraham hanggang sa mga apostol, at hindi niya itinuro ang lahat-lahat sa simula. Kaya huwag kang magtaka kung bale-wala kina Moises at kahit na sa Mga Propeta ang mahahalagang bagay na sinasabi naman sa atin ng mga saksi ni Jesus na siyang *Salita* ng Diyos.
4. Mula sa pinakaunang mensaheng ibinigay ng Diyos sa kanyang bayan, nasa isip na niya ang pagdating ng kanyang Anak at ang misteryo ng kanyang krus at muling pagkabuhay. Ang lahat ay kailangang intindihin sa liwanag nito.
5. Ang pinakamahahalagang bagay ay maliwanag na itinuturo sa Biblia. Ngunit may ilang pahina na sadyang kakaunti ang iniaaral pero nasusulat naman sa mabulaklak at matalinhagang paraan ayon sa sinaunang istilo sa panitikan. Huwag mong pagtuunang-pansin ang kung anong matalinhagang pangungusap at mabale-wala naman ang maliwanag at pinakamahalaga.
6. Lagi mong basahin ang iyong Biblia, hindi para matutuhan ang hindi mo pa alam, kundi bilang patunay ng iyong pag-ibig at katapatan sa Diyos. Kung magtitiyaga ka, ipauunawa niya sa iyo ang lahat.

ANG MGA AKLAT NG MGA PROPETA. Pumapasok ang Diyos sa kasaysayan sa pamamagitan ng kanyang mga propeta na pinagkatiwalaan niyang ipahayag ang kanyang salita.

ANG MGA AKLAT NG KARUNUNGAN. Binibigyang-diin ng mga ito ang kahalagahan ng edukasyon at pagsisikap ng bawat isa upang maging responsable at sumampalataya.

Paano Gagamitin ang Librong Ito

Nahahati sa mga **kabanata** ang bawat aklat ng Biblia. At nahahati naman sa mga **bersikulo** ang bawat kabanata. Karaniwan nang tinutukoy nang padaglat ang mga libro sa Biblia, halimbawa'y **Mt** na ibig sabihi'y ang Ebanghelyo ayon kay Mateo. Makikita sa index ang mga abrebiyasyong ito.

Ang malalaking bilang sa simula ng talata ang mga kabanata. Ang maliliit na numero naman na medyo nakaangat ang mga bersikulo.

Para tukuyin ang isang teksto sa Biblia, hindi sinasabi ang pahina kundi ang kabanata ang

siyang unang ibinibigay at kasunod naman ang bersikulo. Halimbawa: **Jn 20:13,** ibig sabihi'y Ebanghelyo ni Juan, kabanata 20, bersikulo 13. **Lc 2:6-10,** Ebanghelyo ni Lucas, kabanata 2, bersikulo 6 hanggang 10.

Mga teksto ng Biblia ang nasa gawing itaas ng bawat pahina. Inilagay naman natin sa ibaba nito ang mga paliwanag na nasusulat sa ibang letra. Sinasabi ng mga senyal na • kung anong talata ng teksto ang tinutukoy ng paliwanag.

At sa gitna ng mga teksto at mga paliwanag, ibinibigay naman ang iba pang mga kabanata at mga bersikulo ng ibang aklat ng Biblia na may kaugnayan sa bersikulong tinutukoy ng unang numerong nakalimbag nang mas maitim.

Ginagamit natin ang pahilig na letra:

– Sa Bagong Tipan, para sa mga pangungusap na galing sa Matandang Tipan. Halimbawa: sa Mt 26:31, bumabanggit ang ebanghelista mula kay Propeta Zacarias 13:7.

– Sa Matandang Tipan, dahil sa iba-ibang dahilan na mababasa natin sa Introduksyon ng bawat libro.

Ano ang nasa mundo bago ang Biblia?

Nang tawagin ng Diyos si Abraham na ninuno ni Kristo, matagal nang narito ang mundo.

Inilalahad natin sa sumusunod ang ilang bagay-bagay tungkol sa lumipas na kasaysayang ito ng sanlibutan, ayon sa liwanag ng makabagong siyensiya na marami pa ring kailangang madiskubre.

Ang panahon ng paglikha

Ang Mundo ay isang butil lamang ng alabok sa sanlibutan: isang maliit na piraso ng araw na lumamig na.

Para makarating sa Buwan mula sa Mundo, mahigit lang nang kaunti sa isang segundo ang kailangan ng sinag ng liwanag na may bilis na 300,000 kilometro bawat segundo. Walong minuto naman ang kailangan bago ito makarating sa Mundo mula sa Araw.

Katulad din ng Mundo ang ibang planeta na umiinog paikot sa Araw. Ang ilan gaya ng Mars ay mas maliit kaysa Mundo; mas malaki naman ang iba. Pagkalipas lamang ng pitong oras saka nakaaabot sa pinakamalayong planeta ng Pluto ang sinag ng liwanag na galing sa Araw. At doon ang hangganan ng nasasakupan ng Araw, pitong bilyong kilometro ang layo, na ga-dangkal lamang sa sanlibutan.

Isa lamang bituin ang Araw gaya ng iba pa, na pagkalayu-layo sa ibang mga bituin. Kayat pagkalipas lamang ng tatlong taon saka nakararating ang sinag ng Araw sa pinakamalapit na bituin.

May mga bituin sa lahat ng dako. May mas maliliit sa Araw, mas malalaki naman ang iba. Ang mga ito ay parang mga apuyang atomika na may di kapani-paniwalang init sa pinakasentro ng mga ito. Ang ilan naman ay lumamig na gaya ng Mundo, at tumigil nang magningning.

Kung paanong umiikot sa palibot ng Araw ang Mundo at ang mga planeta, may mga bituin din namang umiikot sa palibot ng iba pang bituin. Nagugrupo sa mga pamilya o mga kolonya, kung minsa'y sampu-sampung libo o higit pa. Pag sinasabi nating "nagugrupo," alalahanin nating pagkalayu-layo pa rin ng agwat nila sa isa't isa.

Mula sa napakalayo, mga tuldok lamang na halos hindi mahalata ang Araw at ang ilang bilyong bituing kasama nito. Ngunit sa kabuua'y parang isang maningning at lapad na ulap ang mga ito, na para bang plaka o gulong. Ang maliit na sanlibutang ito na 300,000 taon ang kailangan ng sinag ng liwanag para makarating sa kabilang dulo – ang tinatawag na Galaxia.

Narating na ba natin ang pinakadulo ng sanlibutan? Hindi pa, isang maliit na bahagi pa lamang ang napupuntahan natin. May iba pa maging sa pagkalayu-layo mula sa sanlibutang ito, o Galaxiang ito. Sinasabi ng mga dalubhasa na hindi bababa sa limandaang milyon ang kabuuang bilang ng mga Galaxia, ang iba'y mas malalaki, at ang ilan nama'y maliliit kaysa ating Galaxia.

Laging nagbabago ang sanlibutang ito sa bawat sandali. May mga Galaxiang lumalayo sa isa't isa sa bilis na libu-libong kilometro bawat segundo. Mga bituin, mga alabok sa kalawakan, mga pagsasama-sama ng materya… ang buong sanlibutan ay para lamang mga pirasong galing sa isang napakalaking pagsabog. Lakas-loob na ipinapalagay ng mga dalubhasa na naganap ang pagsabog ng superbomba-atomikang ito mga sampu hanggang dalawampung bilyong taon na ang nakalilipas.

Ito ang panahon ng paglikha.

Paglikhang di pa tapos

Sa loob ng mga dantaon, inakala ng mga tao na nilikha na ng Diyos ang lahat-lahat *sa simula,* at nanatili nang walang pagbabago ang sanlibutan pagkatapos. Ipinuwesto niya ang Araw, ang Mundo, ang mga bituin sa kanya-kanyang lugar ng mga ito, at mula noo'y patuloy na umiikot ang mga ito nang walang pagbabago. Katatapos lamang nating makita na hindi pala totoo ang palagay na ito.

Inakala rin nila na sa simula'y gumawa na ang Diyos ng tao, ng kabayo, ng kalabaw, ng leon, at bawat isa'y nagkaanak ng gaya nito. Alam natin ngayon na hindi ganito, at sa halip ay dahan-dahan ang paglikha ng Diyos at nagkakaroon ng mga bagong klase ng nilalang.

Maikukumpara natin ito sa isang batang lumalaki. Isa siyang nilalang ng Diyos sa kanyang pagsilang. Pero lumalaki siya, natututo at tumatanda. Magiging ibang-iba kaysa pagkabata niya ang kanyang pagtanda. Pero siya pa rin ang dating nilalang ng Diyos at ang Diyos pa rin ang nagpalaki sa kanya.

Ganito rin ang nangyayari sa malaking pamilya ng mga maybuhay. Hindi nilikha ng Diyos sa simula ang mga hayop at mga halamang kilala natin ngayon. Mga bilyong taon na ang nakalilipas, "sanggol" na daigdig pa lamang ang daigdig ng mga maybuhay, na may sinaunang mga halaman at mga hayop na wala na ngayon. Wala pang mga hayop na may apat na paa, ni mga ibon, at wala pa rin siyempreng mga tao. Ngunit sa isang serye ng transpormasyon at ebolusyon, mula sa mga ito'y lumitaw ang iba pang maybuhay, na kilala natin ngayon at siyang bumubuo sa daigdig ng mga maybuhay, mas organisado at mas magaling kaysa simula.

Kaya nga hindi nagkaroon ng "isang" paglikha, kundi ang paglikhang sinimulan ay nagpatuloy sa landas nito sa lakas na inilagay dito ng Diyos. Ito ngayon ang kasaysayang bubuuin natin sa ilang linya.

Ang paglitaw ng mga nilalang na maybuhay

Mga isa o dalawang bilyong taon na ang nakalilipas, nang mainit pa ang lupa at nababalot sa makakapal na ulap na pinanggalingan nang walang tigil na kumukulong pag-ambon, lumitaw sa karagatan ang mga unang maybuhay. Napakaliliit ng mga ito, parang mga mikrobyo, na pagkalabas na pagkalabas ay dumami at nagbago.

Ang Diyos ay hindi lumikha ng isang kalipunan ng mga maybuhay para dumami nang dumami ang mga ito na laging pare-pareho. Nililikha ng Diyos ang Buhay, at ang Buhay nama'y nabubuo't lumalago. Hindi lamang ito laban para matirang buhay, na nagpapalaho sa pinakamahihina at nagpapanatili sa pinakamatibay. Hindi pagkakataon lamang ang siyang mula sa bawat klase ng maybuhay ay nagpasibol ng mga nilalang na may mga katangiang kaiba sa mga nauna sa kanila. May mga espirituwal na puwersang kumikilos sa buhay na materya,

lumilikha ng mga bagong sangkap sa bawat bagay na maybuhay, nagsisikap lutasin sa libu-libo't magkakaibang paraan ang bawat problema: mga sangkap para makakita, makarinig, makadama, makatakbo, makalangoy, makalipad.

Ang Buhay ay gawa ng isang Diyos na malaya at matalino, ang Lakas na ito na hindi malilimitahan ay naghahanap ng mga kasangkapan na magpapaging mas malaya at mas matalino sa mga hayop. At ang utak ang pinakamabisang kasangkapan. Iilang sentro ng nerbiyo lamang meron ang mga pinakasinaunang nilalang, pero sa isa sa mga sentrong ito may nabuong tunay na pinakasentro: ang utak. Limandaang milyong taong binubuo at ginagawang ganap ang utak na ito. May lumitaw na mga bagong uri ng hayop na may mas malaking utak at may mas magandang istruktura, Kasunod ng mga reptil, lumitaw naman ang mga mamal, at kasama rito ang mga "antropomorpos" o mga hayop na may anyong-tao. Meron pang ilan sa mga ito hanggang ngayon at bumubuo sa pinakaimportanteng grupo ng mga unggoy. At ang mga **antropomorpos** na ito, bunga ng mapanlikhang mga puwersa sa paglilingkod sa plano ng Diyos, ay umunlad sa isang paraan na ang kanilang utak at katawan ay pupuwede nang maging sa mga malaya at matalinong nilalang.

Mga tatlong milyong taon na ang nakalilipas, isang lahi ang lumitaw na halos kamukha na ng tao sa ngayon: marunong na silang tumapyas ng mga bato sa paraang napakasimple at sinauna. Nang mga isang milyong taon naman, napagtagumpayan ng kilalang Pitekantropo (taong Java) ang takot sa apoy na sadyang likas na mga hayop, at gumamit na siya ng apoy. Totoong tao na kaya ito, na ibig sabihi'y pinagkalooban ng katwiran at kalayaan? Hindi natin ito matitiyak.

Pero may lumitaw namang mga lahing katulad na katulad natin. Mula sa mga 70,000 taon bago kay Kristo, dumami ang mga tanda ng isang kakayahang patuloy na lumikha: pag-unlad sa pamamaraan ng paggawa, pagpapahalaga sa paglilibing sa mga patay, simula ng sining. Paano lumitaw ang tunay na tao, o paano siya nagsimulang maging malaya't may kalooban at espiritung kahawig ng Diyos, kayat walang kamatayan gaya niya? Walang puwedeng makapagsabi. Gawa mismo ng Diyos ang taong ito, maging ano pa man ang mga ninuno nito, dahil ang kaluluwa nitong walang-kamatayan na nagbibigay-talino, kalayaan at kapangyarihan ay tinanggap mula sa Espiritu ng Diyos.

Mga unang hakbang ng tao

Sa loob ng maraming dantaon, hindi gaanong nabago ng tao ang anyo ng mundo. Kalarawan nga ng Diyos ang kanyang espiritu pero halos wala namang ipinag-iba ang kany ang katawan at pamumuhay sa mga antropomorpos na kung saan siya lumitaw (hindi natin masasabing "nagsilang sa kanya" dahil sa katunaya'y sa Diyos galing ang kanyang pagkatao). Nabuhay sa napakaprimitibong paraan ang mga pamilya, mga grupo ng mga tao – nakatira sa mga kuweba, nangangaso sa mga gubat, katulad ng ilang mga tribu na meron pa hanggang ngayon.

Dahan-dahang inimbento ng tao ang kanyang wika, at gumawa ng mga sandata at mga kagamitan. Interesado siya hindi lamang sa nagagamit at nakikita. Taong-sining pa rin siya. Sa mga kuweba at mga lungga, sa ilalim ng lupa kung saan niya ipinagdiwang ang kanyang mga seremonya, ipininta niya sa mga dingding, gayong malayo sa liwanag ng araw, ang mga hayop na gusto niyang hulihin. At hanggang ngayo'y hinahangaan pa rin natin ang galing niya sa sining.

Relihiyoso rin ang tao. Inilibing niya ang mga patay nang may mga seremonya para

siguraduhin sa mga ito ang isang maligayang buhay sa kabilang daigdig. Dahil nilikhang kalarawan ng Diyos, likas sa kanya na isiping patuloy pa rin siyang mababuhay pagkamatay. Kahit na napakaprimitibo, may konsiyensya ang taong ito, kaya niyang magmahal, at may nadidiskubre siya sa Diyos, ayon sa kanyang kakayahan. Ngunit lubhang nakukulayan ng karahasan at likas na pagkamakasariling nasa lahat ng maybuhay ang simula ng tao: nasa kanya ang kasalanan.

Ang mga unang sibilisasyon

Mga 10,000 taon na ang nakalilipas nang magkaroon ng pagbabago sa sangkatauhan. Nagsimulang magsama-sama ang maraming tao sa matatabang kapatagan. Sa loob ng ilang dantaon, nadiskubre nila ang pagbubungkal ng lupa, pag-aalaga ng mga hayop, pagmomolde at paghuhurno ng putik. Nagkaroon ng mga bayan-bayan na nagkaisa naman para ipagtanggol ang kanilang sarili at mas pakinabangan ang likas na yaman ng lupa. At isinilang ang unang sibilisasyon.

Kasunod nito'y napakabilis nang lahat ang mga pangyayari. Nagkaroon ng limang sentro ng sibilisasyon sa daigdig.

Tatlunlibo't limandaang taon bago kay Kristo, sa lugar na tinatawag na Gitnang Silangan, na siyang pagmumulan ng bayan ng Biblia, dalawang imperyo ang nabubuo. Ang Ehipto ang isa, at Kaldea naman ang isa pa, ang lupaing panggagalingan ni Abraham pagkalipas ng mga dantaon. Gumawa ang Kaldea ng isang napakagaling na sistema ng irigasyon, nagtayo ng mga bahay na may mga dingding na yari sa hinurnong putik, umimbento ng isang sistema ng pagsulat, may mga batas at sentralisadong pamahalaan. Umunlad din ang Ehipto: nagtayo ng napakalalaking templo para sa kanilang mga diyos, at itinayo ang mga Piramid para sa libingan ng kanilang mga paraon.

Gayundin naman sa China at India, mga dalawampung dantaon bago kay Kristo, at sa Sentro-America, sampung dantaon bago kay Kristo, isinilang ang iba pang mga sibilisasyon. Magkakahiwalay na umunlad ang mga sibilisasyon ng Sentro-America, China at India dahil nang mga panahong iyo'y napakahirap ang maglakbay sa mga kontinente.

Sa kabilang dako naman, sa Gitnang Silangan, nagkaroon ng ugnayan ang Kaldea at Ehipto at ang landas na nag-uugnay sa dalawang ito ay dumaraan sa isang maliit na bayan na tatawagin namang Palestina. Hindi sapat ang materyal na kaunlaran para ihatid ang tao sa katotohanan at katarungan. Kailangan lamang nating alalahanin na ang pinakamaypinag-aralang grupo sa dalawang bayang ito ay ang mga pari ng mga diyus-diyusan, na ipinapalagay na normal lamang at natural ang pagkakaroon ng alipin at ang mga babae'y tagapaglingkod ng mga lalaki.

Ang pag-alis ni Abraham

Labingwalong dantaon bago kay Kristo, ilang tribung nomad (o pagala-gala) ang umalis sa Kaldea taglay ang kanilang mga kawan pa-Ehipto upang doon manirahan. Kabilang sa mga tribung ito na nagpa-Ehipto ang ilang pamilyang wala namang "sinasabi" sa pamumuno ni Abraham. Ngunit para sa kanya, may mahalagang sinasabi ang paglalakbay na ito. Tinawag siya ng Diyos at pinangakuan ng isang ekstra-ordinaryong gantimpala: **"Abraham, mapapasaiyo ang lahat ng bansa sa Sangkalupaan."**

Buod at Mga Petsa ng Banal na Kasaysayan
ANG MATANDANG TIPAN

Mahahati ang Kasaysayan ng Israel sa apat na malalawak na panahon: Ang Mga Patriyarka, ang Exodo at Pagsakop, ang Panahon ng Mga Hari, at ang Pamayanan ng mga Judio matapos ang pagkatapon.

Ang panahon ng mga Patriyarka

Bago naging bayan ang Israel, mga pamilyang nomad ng lahing Amorreo ay nagpapagala-galang kasama ang kanilang mga kawan sa mga lupain ng Mesopotamia, Siria at Kanaan, hanggang Ehipto. Iningatan ng Israel ang mga alaala ng kanilang mga ninunong ito, lalo na ang dalawa sa mga ito:

1800-1700: Abraham

Umalis si **Abraham** sa Haran pa-**Kanaan** dahil sa isang pangako ng Diyos na bibigyan niya ito ng lupa at inapo sa lupaing iyon.

1600-1500: Jacob

Muli namang pinagpala ng Diyos si **Jacob** sa pagsisikap niyang mamayan sa Kanaan.

Ang kasaysayan ng mga Patriyarka, una sa lahat, ay papuri sa tunay na pananampalataya (tingnan Heb 11:8-11). Isinasalaysay ito sa Genesis Kabanata 12 hanggang 50.

Mga pobreng nomad at di marunong sumulat at bumasa sina Abraham at Jacob at ang kanilang mga kasamahan. Nagpapagala-gala silang dala ang kanilang mga tolda at mga kawan sa nasasakupan ng dalawang malaking sibilisasyon ng panahong iyon: Mesopotamia at Ehipto. Sila ang tinawag ng Diyos upang sa kanila magmula ang kanyang bayan, na kanyang instrumento upang ihatid ang kasaysayan ng buong sangkatauhan sa kaganapan at sa masayang wakas nito.

Ang Exodo at ang Pagsakop

1250: Exodo ni Moises

Ang buong kasaysayang ito ay nasa Exodo 1 hanggang 20; 24; 32-34. Pati sa Mga Bilang 11-14, at 20-25.

Labas-pasok sa Ehipto ang mga nomad. Sa ilalim ng pamumuno ni **Moises**, isa sa mga grupong ito ang tumakas sa pagkaalipin. Ang milagrong nangyari sa pagtawid nila sa **Dagat ng Mga Tambo** ang pinakatanda sa kanila na pinalalaya sila ng Diyos para ilagay sa paglilingkod sa kanya. Si Moises ang kanilang gabay at propeta, at si **Yaweng Kaisa-isahan** ang itinuro niya sa kanila.

Sa Bundok **Sinai** pinagtibay ang Pagtitipan ni Yawe at ng Israel: Kayo ang magiging bayan ko sa lahat ng bayan sa lupa (Ex 19:6).

Sa oasis naman ng **Kades**, nakipag-isa ang grupo ni

Ayon sa Biblia, 40 taon sa Kades ang mga Israelita: Mga Blg 14.

Moises sa iba pang mga grupong kalahi nila na tumanggap sa Batas ni Moises: hindi pinahihintulutan ng Iisang Diyos, Seloso at Makatarungan ang anumang larawan. Kailangang lumaban ang Bayan ng Diyos sa paggamit ng armas sa halip na makipagtipan sa sibilisasyon at relihiyon ng mga Kananeo.

1200: Josue

Tingnan ang mapa sa p. 292

Pagkamatay ni Moises, sinakop ni **Josue** at ang maliit na bahagi ng Israel ang bahagi ng lupain ng Kanaan. Kanya-kanya pa rin ang bayan ng 12 tribu; ngunit nang sumunod na dantaon, namulat sila kung ano nga ba silang talaga nang pamunuan sila ng **"Mga Hukom"** sa kanilang pakikipaglaban sa mga maniniil.

Ang panahon ng mga Hari

1000: Kinuha ni David ang Jerusalem

Ang propesiya ni Natan sa 2 Sam 7:14.

Ang pagdating mula sa dagat ng mga Filisteo na namayan sa may dalampasigan at sumakop sa kapatagan ng Palestina ang umobliga sa mga Israelitang magkaisa para ipagtanggol ang kanilang kalayaan. Pagkamatay ni **Saul** sa digmaan, sinakop naman ni **David** ang Palestina at mga karatig nito. Nang makuha niya ang Jerusalem, ginawa niya itong sentro ng pagkakaisa ng buong bansa. Naging pinakalingkod ni Yawe si David, at propeta, at tinanggap niya sa Diyos ang isang pangako para sa kanyang mga inapo na maghaharing kasunod niya.

970-932: Ang Kaharian ni Solomon

Noon isinulat ang pinakamatandang bahagi ng Biblia na nasa Gen, Ex at mga libro ni Samuel.

Itinayo ni **Solomon** na anak ni David ang Templo ng Jerusalem na siyang papalit sa lahat ng matatandang santuwaryo. Ginawa niya ang Israel na isang organisadong bansa ng mga mamamayang nakatira sa mga siyudad at mga bayan.

931: Ang Paghihiwalay

Nagkaroon naman ng **Paghihiwalay** o pagkakahati ng kaharian pagkamatay ni Solomon.

Nanatili sa mga haring inapo ni David ang **Kaharian ng Juda** (sa timog), at ang Jerusalem na kapitolyo nito pati ang Templo

850-800: Nagpropesiya sina Elias at Eliseo sa panahon ng pakikipagdigma sa Aram.

Mga hari, mga pari at **mga propeta** ang namumuno sa pamayanan sa iba't ibang paraan kaya naman naiaakma sa bagong kalakaran sa lipunan ang pananampalataya.

740: Simula ng propesiya ni Isaias, na nakikita ang pagbagsak ng Samaria sa **722**, at

Mga dakilang propeta: **Isaias, Mikeas, Sofonias, Jeremias, Ezekiel** – itinamas malaki at mas maunlad na **Kaharian ng Israel** (sa hilaga) ng kawalang-katatagan sa sitwasyon sa pulitika at mga tensyon sa pagitan ng tradisyunal na pananampalataya at mga tukso ng modernong pamumuhay at ng mga relihiyon ng mga Kananeo.

Sisikapin ng tatlong dakilang propeta: **Elias, Eliseo** at **Oseas** na madala ang bayan kay Yawe nang may bagong katapatan.

ang paglusob at pagpapalaya sa Jerusalem sa **690**.

Ito ang panahon ng pagsulat sa kasaysayang may diwa ng mga propeta: Josue, Mga Hukom, Samuel at Mga Hari.

622: Ang pagkadiskubre sa Deuteronomio at ang reporma ni Josias. Nagpropesiya si Jeremias mula **626** hanggang sa pagkawasak ng Jerusalem sa **587**.

538: Ang Dekreto ni Ciro.

520-515: Ang pagtatayo ng ikalawang Templo.

450-400: Itinadhana ni Esdras ang Batas at tinipon ang mga sagradong aklat.

330: Nalupig ni Alejandro Magno ang Imperyo ng Persia at dinala ang kulturang Griyego.

200: Ang kilusan ng mga Asideo o Mga Relihiyoso.

167: Paghihimagsik ni Matatias.

160: Ang pagkamatay ni Judas Macabeo.

135-75: Kalayaan at pagkalupig.

63: Naagaw ni Pompeyo ang Jerusalem.

guyod nila ang isang personal na pananampalataya sa Diyos na Buhay, isang pananampalatayang humihingi ng Katarungan at pagiging Totoo. Inaalaala nila ang mga pangako ng Diyos sa Israel: sa gitna ng kanilang mga kataksilan at mga pagsubok, inihahatid niya sila sa isang Kaharian ng Katarungan na may Haring Mesiyas na magiging parang isang bagong David.

Sa katapusa'y winasak ng Babilonia ang kaharian ng Juda. Sinunog ang Jerusalem at ang Templo, at idineport ang mga elite.

Daranas naman ang

Sa katapusa'y winasak ng Asiria ang Kaharian ng Israel, sinakop ang Samaria na kapitolyo nito at idineport ang mga elite.

Ang Pamayanang Judio matapos ang Pagkatapon

Sinakop ni Cirong nagtatag sa Imperyo ng Persia ang Babilonia, at pinalaya niya ang mga Judiong idineport doon. Ang mga ito ang muling nag-organisa at namayan sa Jerusalem. Wala nang mga hari at bihira na ang mga propeta. Mga pari na ang namumuno sa pamayanan. Ang Batas ni Moises na binuo at inedit ni **Esdras** sa pinakahuling bersyon nito ang sinusunod sa buhay ng bayan at ng relihiyon. Ang Templo at ang pagsamba ang dahilan kaya nabubuhay ang "banal" na bayang ito na kaiba sa iba pang bayan sapagkat sila ang bayan ng Diyos.

Nagbunga naman ng krisis sa kultura at relihiyon ang pagpasok ng kulturang Griyego. Itinataguyod ng isang napakaliit na grupo, ang "**mga makadiyos**" (Hasidim), ang pagpapatibay sa relihiyon ng mga Judio at sinisimulan nila ang paniwala sa pagkabuhay ng mga patay.

Ang matinding pag-uusig na dinanas ng mga Judio sa ilalim ng mga Sirio ang gumising sa lakas ng buong bansa. Naghatid ng kapayapaan sa relihiyon ang sandatahang pakikipaglaban sa pamumuno ng mga **Macabeo**. Nagtagumpay pa nga ang mga Judio na magkaroong muli ng kasarinlan bilang isang bansa.

Nang sumunod na dantaon, ang pag-aagawan sa kapangyarihan ang naghatid ng pakikialam ng mga dayuhan:

40-4: Paghahari ni Herodes.

250: Sa Alejandria (Ehipto), pagsasalin ng Biblia sa Griyego – na sinasabing Sa Salin ng Pitumpu (LXX) para sa mga Judiong nangibang-bayan.

ipinataw ng Imperyong Romano ang kapangyarihan nito sa paraang di halata sa paghahari n Herodes na Dakila, at naging mas hayag ito pagkamatay niya. Sa panahong ito ipinanganak si Jesus.

Samantala, napakaraming Judio ang nangibang-bayan sa lahat ng malalaking siyudad sa lupain ng Mediterraneo at ng Gitnang Silangan. Doon sila bumuo ng mga pamayanang nagkakabuklod sa pagsunod sa Batas at sinimulan nilang palaganapin ang pananampalataya sa Iisang Diyos.

Ilang Mahahalagang Petsa
SA BAGONG TIPAN

35 B.C.	• Ipinroklama ng mga Romano si Herodes bilang hari, iniligpit naman niya ang mga pinunong Asmoneo at pinatay ang Punong-paring si Aristobulo na kanyang bayaw. Mula noo'y hawak na ng mga Punong-pari ang kapangyarihan.
19	• Sinimulan ni Herodes ang muling pagpapatayo sa Templo.
8	• Senso ng mga Romano (Lc 2:1) na sanhi ng rebelyon ni Judas na taga-Galilea (Gawa 5:37) at ng mga Zelote.
6	• Ang malamang na taon ng kapanganakan ni Jesus dahil sa pagkarkula sa simula ng panahong Kristiyano, may anim na taong mali.
4	• Namatay si Herodes (Mt 2:19). Pumunta sa Roma ang kanyang anak na si Arkelao para mahirang na hari, pero Judea lamang ang ibinigay sa kanya. Sa mga tetrarka ipinamahala ang ibang mga lalawigan (Lc 3:2 at 23:7).
6 A.D.	• Pinalitan ni Emperador Augusto si Arkelao ng isang prokurador na Romano. Terorismo ng mga Zelote at paniniil sa Galilea.
14	• Emperador Tiberio sa Roma.
26	• Dumating sa Judea si Poncio Pilato bilang prokurador
27	• Pinakasalan ni Herodes Antipas na anak ni Herodes na Dakila si Herodias na asawa ng kanyang kapatid.
27	• Sa kalagitnaanan ng taong, pangangaral ni Juan Bautista at simula ng ministeryo ni Jesus (Lc 3:2).
28	• Nasa Jerusalem si Jesus para sa Paskuwa (Jn 2:13 at 2:25).
29	• Pinatay si Juan sa muog ng Makeronte.
30	• Bisperas ng Paskuwa, ika-7 ng Abril, Biyernes, ipinako si Jesus sa krus at nabuhay sa araw na kasunod ng Araw ng Pahinga (Juan 12:1).
36	• Pagkamatay ni Esteban at pagbabalik-loob ni Pablo (Gawa 7 at 9).
37	• Herodes Agripa, hari ng buong Palestina, liban sa Judea.
44	• Ipinapatay ni Herodes si Jaime; nakalaya si Pedro (Gawa 12).
49	• Pinalaya ng Konsilyo sa Jerusalem ang mga Kristiyano sa pagtupad sa Batas (Gawa 15).
50	• Ikalawang pagmimisyon ni Pablo. Kasama si Gallio sa 52 (Gawa 18:12).
52	• Felix, prokurador ng Judea
53-58	• Ikatlong pagmimisyon ni Pablo.
58	• Sa Roma, Emperador Nero.
	• Si Jaimeng kapatid ng Panginoon ang namumuno sa Iglesya ng Jerusalem; dinakip sa Templo si Pablo (Gawa 22:18 at 27).

60 • Festus, prokurador ng Judea (Gawa 24:27).
61-63 • Pablo sa Roma (Gawa 28:17-31).
62 • Pinatay si Jaime sa pagbato sa utos ng Punong-paring si Anan.

64 • Nasunog ang Roma at pinag-usig ang mga Kristiyano.
64 • Martiryo ni Pedro sa Roma (o 67?).
66 • Mga unang pag-aalsa ng mga Judio na nagtulak sa pamayanan ng Jerusalem na lumipat sa Pelea (Lc 21:20-21).
67 • Martiryo ni Pablo sa Roma (o 64?).

67 • Simula ng digmaang Judio na tatagal nang apat na taon (Lc 21-22-24).
70 • Nasakop ni Titus ang Jerusalem: sinunog ang Templo (Lc 21:6).

Ano naman ang nangyari mula sa mga Apostol hanggang sa Atin?

Pitumpung salinlahi ng mga Kristiyano ang agwat natin sa panahon ng mga apostol. Tungkol sa mga kapatid nating ito ang ibig sabihin ng pag-uusap tungkol sa Iglesya. Madali para sa atin ang batikusin sila o isiping mas magaling dapat ang ginawa nila. Pero mas mahirap ang alamin ang daigdig na kanilang ginagalawan, na ibang-iba sa ating daigdig, at intindihin ang sinikap nilang gawin sa inspirasyon ng kanilang pananampalataya.

Mga taong malaya, mga birhen at mga martir

Nadama ng mga unang Kristiyano ng mga unang dantaon ang pagiging malaya: paglaya mula sa mga pamahiin ng mga pagano pati na sa sarili nilang takot at pagkamakasarili. Pero napakalaki ang ibinayad nila sa paglayang ito. Sa kanilang panahon, wala nang batas na hihigit pa sa kalooban ng emperador o sa mga kaugalian ng kanilang lugar, pero inilagay nila si Kristo sa ibabaw ng lahat ng kapangyarihan ng tao. At dahil sa kusa nilang pagsalungat, itinuring silang masasamang tao. Insulto sa mga bisyo ng mundong pagano ang pagmamahal-Kristiyano at ang pagiging mga birhen.

Kaya pinag-usig ang mga Kristiyano. Tatlong dantaong nagkaroon ng pag-uusig at ng mga martir, kung minsa'y sa isang probinsya ng imperyo at kung minsan nama'y sa iba. May mga panahong nagwawala ang lahat ng puwersa ng kapangyarihan laban sa mga Kristiyano sa hangaring mapawi ang pangalan ni Kristo. Ngunit ang maraming naglibang sa panonood sa mga pahirap na ipinapataw sa mga Kristiyano ay umuwing ikinahihiya ang sariling kasamaan at naniniwalang nasa mga pinag-uusig ang tunay na pagkatao.

Ang pagsampalataya ni Constantino

Patuloy naman sa pagkabulok ang daigdig ng mga Romano. Bago sila nalupig ng kanilang mga kaaway, nanghina ang mga puwersang espirituwal ng mga Romano na nagpatambok sa kanilang imperyo: wala nang buhay ang matatandang paniniwala. Sa taong 315, nagpabinyag mismo si Emperador Constantino at kasunod niyang naging Kristiyano ang mga pinuno. Sa pangyayaring ito nagkaroon ng malaking pagbabago para sa Iglesya na ngayo'y ipinagsa-sanggalang na, sa halip na pinag-uusig.

Ngunit naghatid din ng mga pinsala ang tagumpay na ito, na saka lamang masusulat sa paglipas ng panahon. Mula noo'y ang Iglesya na ang kailangang maging puwersang espirituwal na kailangan ng mga bayang iyon ng Imperyong Romano. Pinalitan nito ang mga huwad na relihiyon at binuksan ang mga pintuan para tanggapin ang maraming taong naghahangad magpabinyag. Hindi na limitado ang Iglesya sa mga mananampalatayang bininyagan matapos sumampalataya at masubok. Sa halip, ang Iglesya ang kinailangang maging tagapagturo sa isang "bayang Kristiyano" na wala namang gaanong ikinaiba sa dating "bayang pagano". Tumubo nga sa dami pero nalugi naman sa uri. Wala ring ikinaiba ang mga "Kristiyanong" emperador sa kanilang mga sinundan. At kung paanong sila ang may hawak ng kapangyarihan

sa paganong relihiyon, ngayon nama'y gusto rin nilang pagharian ang Iglesya, hirangin at kontrolin ang mga obispo nito: ipinagtanggol nga nila ang pananampalataya at sinaklawan naman ang mga konsiyensya.

At nang hindi na patago at sinisikil ang mga Kristiyano, higit naman silang nasangkot sa mga problema ng daigdig. Paano nila pagkakasunduin ang kultura ng kanilang panahon at ang pananampalataya? Sa panahong ito gumawa ng masusing paglalahad ng pananampalataya ang mga obispong tinatawag na "mga amang banal" bilang sagot nila sa mga tanong ng kanilang mga kapanahon. Tampok sa pinakamagaling sa mga ito si San Agustin.

May mga taong mas gustong di makita ang mahihirap na aspekto ng pananampalataya. Ngunit ang mga pagkakamali ay hindi naman laging pinoproblema ng mga nangangahas sumuri rito ayon sa dapat gawin. Ang "Arianismo" ang naging pinakalaganap na pagkakamali at muntik na nitong madala ang Iglesya. Sa pangamba nilang baka mahati ang iisang Diyos, tinanggihan ng mga Ariano na si Kristo ang Anak na kapantay ng Ama. Para sa kanila'y panganay lamang siya sa lahat ng iba pang maybuhay sa buong sangkinapal. Mga Arianong obispo ang itinatalaga ng mga Arianong emperador. Ngunit tulad ng ipinangako ni Jesus, iningatan ng Espiritu Santo ang pananampalataya ng bayang Kristiyano at lumipas ang pagkakamaling iyon.

Nang mga panahong iyon, sa pagkakita ng mga Kristiyanong gustong maging ganap na hindi na ang maalab na pamayanan sa panahon ng mga martir ang Iglesya, nagsimula silang bumuo ng mga simple at dukhang pamayanan na mabigat ang mga hinihingi. Nadama nilang kailangan nilang lumayo sa maalwang pamumuhay para hanapin ang Diyos nang buo nilang kaluluwa. Kaya, una'y sa mga disyerto ng Ehipto at pagkatapos ay sa buong Kristiyanong daigdig, nagkaroon ng mga monghe at mga ermitanyo. Pinanatili ng mga monghe sa Iglesya ang huwaran ng isang buhay na ganap, isang buhay ng lubos na pagsusuko ng sarili kay Kristo. Ang kanilang buhay ng lubos na nagpapakasakit ang nagbigay-daan para malaman nila ang kaibuturan ng puso ng tao. At ipinadama naman sa kanila ng Diyos ang pagbabago o "pagiging diyos" na nakalaan sa kanila na iniwan ang lahat para sa kanya.

Ang pampaalsa sa masa

Sa pagbagsak ng Imperyong Romano na nilusob ng mga Barbaro, sinalanta, winasak at pinagpira-piraso, parang iyon na ang wakas ng mundo. (Ang Imperyong Romano ang lagi nating binabanggit hindi dahil iyon lamang ang tanging lugar na pinamamayanan sa mundo kundi dahil sa katunaya'y hindi lumabas o kung lumabas ma'y malapit lang mula sa mga hangganan nito ang mga Kristiyanong mangangaral.

Ngunit sa totoo'y ang pagkawasak na ito na ipinahayag ni Juan sa Pagbubunyag ang nagbukas ng pinto para sa ibang mga panahon. Hindi gumuho ang Iglesya sa gitna ng kaguluhang iyon kundi isang bagong tungkulin ang nadiskubre nito: ang pag-eebanghelyo at pagtuturo sa mga bayan na pagkatapos ng pananalakay ng mga Barbaro ay naging isang lipunang mas dukha, walang alam at gulung-gulo.

Walang ibang puwersang moral o iba pang matatag na institusyong alam ang mga bayang ito liban sa Iglesya. Maraming beses na ang obispo ang naging kaisa-isang "tagapagtanggol ng bayan" sa harap ng mga sumasalakay. Wala nang iba pa liban sa mga pari para turuan ang bayan. Iningatan sa mga monasteryo ang mga libro tungkol sa matandang kultura kasama ang mga Banal na Kasulatan. Ang Iglesya ang naging kaluluwa ng mga primitibong bayang iyon na malupit, maluwag at mapagmalabis sa lahat. At habang laging sinisikap ng Iglesya na limitahan ang mga digmaan at mga paghihiganti, ipagsanggalanag ang kababaihan at mga bata, at

paunlarin ang pagtingin at pananaw sa gawa ng pagtatayo at pagbubuo, pinabayaan naman niyang mapasok siya ng mga pamahiin at mga katiwalian. May mga pagkakataong kahit na ang nasa pinakamataas na katungkulan, ang mga papa, ay parang nalubog na sa mga bisyo ng mundo… ngunit anumang inihasik sa luha ay namulaklak sa paglipas ng panahon.

Kung paanong tinuruan ng Diyos sa Banal na Kasaysayan ang primitibong bayan ng Israel sa pagpapahintulot sa maraming pagkakamali na iwawasto lamang sa paglipas ng panahon, gayundin naman sa tinatawag na "Sangkakristiyanuhan" o mga sambayanan sa Europa na natututong magpakatao, maging malaya at responsable. Isang bagong sibilisasyon ang isinilang; at bunga ng pananampalataya ang kultura at sining nito, at mga mithiin nito, higit sa lahat.

Mga Katoliko at mga Ortodox: ang Paghihiwalay

Napaglabanan ng silangang bahagi ng Imperyong Romano ang pagsalakay ng mga Barbaro. Tinatawag na Griyego o Ortodox ang bahaging ito ng Iglesya, at ito rin ang mag-eebanghelyo sa Rusia. Unti-unti itong lumayo sa bahaging kanluranin na nasakop ng mga Barbaro at pinamumunuan ng Iglesya ng Roma. Nagkaroon ng dalawang Iglesya na magkaiba sa kultura, wika at sa mga kaugaliang panrelihiyon gayong may isang pananampalataya lamang ang dalawa. Hindi naman ito masama. Pero kapwa sila nagkasala sa pag-uukol ng higit na pansin sa sari-sarili nilang mga kaugalian kaysa pareho nilang pananampalataya. Kaya humiwalay sa Papang kahalili ni Pedro sa Roma ang Iglesya sa Silangan.

At pagkatapos nama'y sinakop ng mga Turkong Muslim ang nalalabi pang bahagi ng Imperyong Romano sa Silangan at mangilan-ngilang pamayanang Kristiyano lamang ang nanatili sa dating malalaking matatandang Iglesya ng Siria, Palestina, Ehipto… Sa ngayon, ang Gresya, Rumania at lalo na ang Rusia ang bumubuo sa pinakaimportanteng bahagi ng daigdig ng Ortodox.

Ang Iglesya at ang Biblia

Sa taong 1460, naging posible ang pag-iimprenta ng mga libro sa pamamagitan ng mga imbensyon ni Gutenberg. Mga sulat-kamay na libro lamang meron noong mga naunang panahon, mahal ang mga ito at bihira pa. Hindi kaya ng pangkaraniwang tao na magkaroon ng Biblia ni ng Ebanghelyo man. Binabasa sa Iglesya ang Biblia at nagsisilbing basehan ng pangangaral. At para manatili itong sariwa sa alaala ng mga sumasampalataya, walang simbahang itinayo nang hindi pinapalamutian sa lahat ng dako ng mga pinta, ukit o mga dekulay na salamin sa mga bintana, na naglalarawan ng mga pangyayari sa Biblia.

Ngunit mula noo'y puwede nang magkaroon ng kopya ng Banal na Kasulatan ang bawat isa, para mabasa niya ito. Ang teknikal na imbensyong ito ang magpapasiklab sa krisis na natatago at namumuo sa Iglesya. Sapagkat sa mga dantaon, ang mga institusyon ng Iglesya, ang kaparian nito at mga relihiyoso, ang bumuo at nagtatag sa kultura at pagkakabuklod ng Kristiyanong daigdig. Sa pagiging mga gabay sa pulitika at sa espirituwalidad, kadalasa'y mas sobra-sobra ang paglalaan nila ng panahon sa mga materyal na bagay kaysa paglalaan nila ng sarili sa Ebanghelyo. Maraming kilalang tao, mga relihiyoso, mga santo, ang nagprotesta sa paghingi ng mga reporma. Pero wala namang repormang nagaganap. Sa pag-iimprenta ng Biblia, inisip ng marami na ang tanging paraan para mareporma ang Iglesya ay ang pagbibigay ng Sagradong Aklat sa lahat upang sa pagbasa nito'y mainom din nila ang orihinal na mensahe mula sa pinakabukal at maiwasto ang mga pagkakamali at masasamang kaugaliang umiiral.

Nang simulan ni Martin Luther ang pagreporma sa Iglesya sa paghiwalay sa opisyal na Iglesya, inako niya ang pagsasalin ng buong Biblia sa Aleman na lengguwahe ng kanyang bayan. Sapagkat hanggang sa panahong iyo'y laging sa Latin lamang ginagawa ang Biblia.

Dahil hindi alam ng karamihan sa mga pari sa Iglesya ang kabutihang maidudulot ng personal na pagbabasa ng Salita ng Diyos, mas pinag-ukulan nila ng pansin ang mga panganib na maaaring makaharap ng sinumang naniniwalang kaya niyang intindihin nang walang mali ang lahat kung ibibigay ang Sagradong Aklat sa lahat. Hindi nga sila talagang mali. Sapagkat pagkasaling-pagkasalin ni Luther ng Biblia, nagsimula ring mag-away-away ang kanyang mga tagasunod at magtayo ng magkakalabang Iglesya, na nakasisiguro ang bawat isa na siya lamang ang may hawak sa katotohanan.

Pagkalipas ng mga taon, nang magreporma na nga mismo ang Iglesya, hindi pa rin nito sapat na itinaguyod ang interes para sa Biblia. Patuloy na itinuturo ng mga mangangaral at mga misyonero ang Ebanghelyo pero mula sa itaas ibinibigay ang lahat sa mga tao nang hindi pinupukaw ang kanilang interes na hanapin nang personal ang katotohanan.

Ang Krus at ang Espada

Mula sa panahon ng mga apostol, pinahalagahan na ng mga sumasampalataya ang pagsasalin ng pananampalataya sa iba. May mga misyonero ring nangahas na pumunta sa mga kaaway na bayan o may ibang wika para ipangaral ang Ebanghelyo. Ngunit nang medyo nagkakabuklod na ang buong Europa sa Kristiyanismo, o sa larangan ng kultura at lipunan na binibigyang-buhay ng Iglesya, ipinalagay nilang tapos na ang gawang pagmimisyon. Ano naman ang nasa labas ng mga bansang Kristiyano? Ganito ang kanilang isasagot: "Mga Moro lamang." Ang mga Moro o mga Muslim ang mahigpit na kaaway ng mga bansang Kristiyano. At hindi naisip ng mga bansang ito na may iba pang mga bayan liban sa kanila at sa mga Muslim.

Nakita ng ilang propeta tulad nina Francisco ng Assisi at Ramon Lull na mas mabuti ang ipangaral si Kristo sa mga Muslim kaysa lumaban sa kanila nang may sandata. May ilan din namang misyonero tulad ni Juan ng Montercorvino na lakad na nilakbay ang buong Asia hanggang China. Pero sila ang mga eksepsyon. Nang mga panahong iyon, na para bang napakatagal na, may mga dantaon na ng tradisyon ang mga Iglesya sa Europa. May sarili silang kultura, sariling paraan ng pagtingin sa pananampalataya at ng pagsasabuhay sa Ebanghelyo. Napakahirap para sa mga tao nang panahong iyon na intindihin ang ibang mga bayan na may ibang kultura at isalin sa kanila ang Ebanghelyo para ang mga ito mismo ang makapag-organisa sa kanilang sarili bilang Iglesya ayon sa sarili nilang temperamento at bagay sa takbo ng kanilang utak. Kaya naman hindi namunga at lumago ang mga Iglesyang itinatag sa mga dulo ng daigdig at ipinagkamali ang Iglesya sa Kristiyanismo sa Europa.

Ngunit nang mabuksan nina Marco Polo, Vasco de Gama, Christopher Columbus at Fernando Magallanes ang pader ng kamangmangang nakapalibot sa Kristiyanismo, nalaman ng Iglesya ang tunay na lawak ng mundo na hindi pa nakatatanggap sa Ebanghelyo: Africa, Asia at America. Mga negosyante at mga adbenturero ang mga unang naglayag papunta sa malalayong bansa – mga taong tahimik na hindi naman talaga sanay sa gayong mga gawain. Subalit nang madiskubre nila ang Bagong Mundo, sinamahan sila ng mga adbenturero ng pananampalataya na masigasig na sakupin para kay Kristo ang mga hindi pa nakakakilala sa kanya. At hind mawawalan ng mga santo at mga martir sa mga umalis nang walang anumang armas at iba pang paghahanda liban sa kanilang pananampalataya.

Sa Africa, magkasamang dumating at magkasabay na umunlad ang misyon at kolonisasyon.

Umabot ang pananampalatayang Kristiyano sa mga relihiyon ng mga tao na kalikasan ang dinidiyos. Subalit hindi lubos na pinag-ukulang-pansin ng mga misyonero sa kanilang pangangaral ang kalagayang pangkultura kaya hindi tagos hanggang sa kaibuturan ng kaluluwang Africano ang maraming binyag na kanilang ginawa.

Sa malaking bahagi naman ng Asia, lalo na sa China at India, hindi handa ang maraming misyonero na mag-ebanghelyo mula sa pagkaalam sa kultura at relihiyon ng lugar na kanilang minimisyon. At dahil sa kawalang-kaalaman sa mahabang karanasang panrelihiyon ng mga bayang iyon, kaunting-kaunti lamang ang sumampalataya liban sa ilang bahagi sa India at Vietnam.

Ibang bagay naman siyempre ang Pilipinas na naging Katoliko ang halos lahat ng isla sa sabay na pagdating ng krus at espada, ng pananakop at pagmimisyon ng España. Binuo nila ang libu-libong isla at di-mabilang na mga barangay sa iisang bansa, at dinebelop ng mga misyonero ang mga katutubong wika at ginawang "Kristiyano" ang ilang kaugaliang relihiyoso na dati'y para sa mga anito ginagawa ng mga tao. Subalit sa kabila ng mga kamulatang ito ng ilang misyonerong Español, Kristiyanismo ng Europa pa rin ang kanilang pinalaganap at itinuro sa mga Pilipino: isang Kristong puti at di nagkatawang-tao sa buhay-Pilipino.

Sa kabilang dako naman, parang magiging madali at mabunga ang pagmimisyon sa America. Winasak ng mga Español ang mga katutubong bansa at kung minsa'y sinira pati ang kanilang kultura. Hindi nilabanan ng mga Indio ang pananampalataya, at may mga pagkakataon pa ngang binibigyan ng mga pribilehiyo ang mga naging Kristiyano. Iilan lamang ang nakakita na naging panlabas lamang ang pagkakristiyano ng mga katutubo. Kaya naman sa ilalim ng manipis na patong na ito ng mga kaugaliang Katoliko, pinanatili pa rin ng mga bayang katutubo ang mga paganong paniniwala nila. Patuloy pa rin sila sa pagiging relihiyoso tulad ng dati pero ayon sa kanilang pamamaraan. At kung nasugpo man ng Iglesya ang mga di-makataong kaugalian at naturuan sila sa moralidad, hindi pa rin nararanasan ng marami sa kanila si Kristo ni naniniwala sa kanyang mensahe sa paraang responsable.

Ang paghihimagsik ng mga layko

Sa pagtalakay natin tungkol sa Kristiyanismo, sinasabi nating inako ng Iglesya ang marami sa paglilingkod sa publiko dahil kailangan ito noon sapagkat walang kapangyarihang sibil o militar na makapamamahala sa mga iyon. Nagtayo at nagpalakad ng mga paaralan at mga unibersidad ang mga pari; pinamahalaan naman ng mga relihiyoso ang kalusugang pambayan: mga ospital, mga hospisyo at mga ampunan. Pinamayanan at nilinang ng mga monghe ang mga lupang walang tanim.

Ngunit dumating ang araw na naintindihan ng mga mas responsable sa mga lider at mga intelektuwal na kailangang ibalik sa kapangyarihang sibil ang lahat ng gawaing ito. Sang-ayon sila sa Ebanghelyo na pinag-iiba ang sa Cesar at ang sa Diyos. Pero kailangan din nilang harapin ang mga tradisyunal na idea pag dating sa bagay na ito. Bihirang-bihira na makukumbinsi tayong kailangan nating ipasa sa iba ang ating responsabilidad. Ganito rin ang nangyari sa mga nasa kapangyarihan sa Iglesya. Kaya naman kinailangang daanin pa sa paglalaban ang mga pagbabagong kailangan para bigyang-lugar ng humihinang Kristiyanismo ang mga bansang moderno, mga laykong institution, mga independiyenteng siyensya. Alam ng lahat ang kakatuwang (kakatwang) sakdal laban sa pisisist na si Galileo at ang mga labanang pulitikal ng mga papa at mga hari.

Ang Iglesya at ang modernong daigdig

Sa huling apat na dantaon, mas maraming krisis, pagsulong at pagbabago ang naranasan ng daigdig kaysa lahat ng nagdaang panahon. Ang pananampalatayang Kristiyano ang nagbigay sa mga Europeo ng lakas, seguridad at kamalayan sa kanilang misyon sa sanlibutan na naghatid sa kanila na buuin ang siyensya, paunlarin ang teknolohiya at pagharian ang ibang mga kontinente. Mga dahilang ibang-iba siyempre sa pananampalataya ang nagtutulak sa mga pananakop at kolonisasyon. Ngunit sa kabila nito'y isinasakatuparan pa rin ng mga ito ang plano ng Diyos na mula sa simula'y nakikita na ang pagkakabuklod ng lahat ng bansa.

Nakibahagi ang Iglesya sa pagpapalawak na ito. Sa ika-19 na dantaon, umabot nang 100,000 ang mga misyonero, mga pari at mga relihiyosong nakatalaga sa pag-eebanghelyo at edukasyon sa Asia, Africa at America.

Subalit sa Europa nangyari ang pinakamahalaga. Nahaharap ang Iglesya sa modernong kultura na sa Iglesya rin mismo nanggaling ngunit sa pagsasarili nito ngayo'y nagiging kaaway naman niya. Nagkakaisa ang mga maypinag-aralan sa paniwalang kaya mismo nilang paunlarin, paligayahin at bigyang-kapayapaan ang sangkatauhan. At wala silang nakikita sa Iglesya kundi kamangmangan at mga negatibong palagay. Sa madaling salita, ang Iglesya para sa kanila ang pinakamalaking sagabal sa pagpapalaya sa tao. Marami ang lakas-loob na hinulaan ang kamatayan ng Kristiyanismo bago ang ika-20 dantaon.

Ang kumplikadong sitwasyong ito ang pumuwersa sa Iglesya na bitiwan ang kanyang seguridad at sagutin ang mga tanong na palubha nang palubha. Ipinagkatiwala nga ni Kristo ang katotohanan sa Iglesya at patuloy siyang naghahari matapos siyang mabuhay na muli. Ngunit kailangang paulit-ulit na madiskubre at mapatunayan ng Iglesya ang ibig sabihin ng katotohanang ito para sa iba't ibang tao. At hindi ngayon ang panahon para maghari siya kundi maglingkod sa gitna ng mga kahihiyan.

Ang magandang dantaon ng pag-eebanghelyo

Parang pinasimple ng ika-20 dantaon ang sitwasyon. Pagkatapos ng tatlong dantaong walang saysay na paglalaban, nakita ng Iglesya na nawawalan ito ng kayamanan, kapangyarihang pampulitika at monopolyong pangkultura. Nabawi nito ang tunay na misyon nito na maging isang bukal na pag-ibig at pagkakaisa sa daigdig, ang lebadura sa masa.

Isang minorya lamang sa mundo ang Iglesya: mga 700 milyong Katoliko sa higit na apat na bilyong tao sa mundo. Pero higit sa alinmang panahon, isa silang minoryang may pagpapahalaga at malasakit sa lahat ng bagay na makatao sa pagkaalam nilang gawa ng Diyos ang iligtas ang lahat ng makatao.

Sa kabilang dako nama'y hinangad na lutasin ng kulturang walang lugar para sa relihiyon ang lahat ng kagipitan ng sangkatauhan nang hindi tumatakbo sa pananampalataya, pero nakita nito ang sariling mga limitasyon, at kinalaunan, ang kabiguan nito. Inaamin ng pinakamagaling sa pag-iisip na pasulong ang sangkatauhan sa kaguluhan kung hindi muling magkakaroon ang mga tao ng pananampalataya, pag-asa at iisang pananaw sa kanilang patutunguhan. Kung hindi'y tuluy-tuloy tayong ihahatid ng tensyong namamagitan sa mayayaman at mga dukha, ng pagbabanggaan ng mga ideolohiya at kalituhan ng karunungan ng tao patungo sa pangkalahatang paghaharap-harap at paglalaban-laban.

Sa maraming bahagi ng daigdig, ang Iglesyang dating kampi sa mga pinuno ang ngayo'y inuusig. Nangyayari ito sa mga bansang komunista na talagang desididong alisin ang lahat ng

relihiyon. Nagaganap din ito sa mga bansang ibang relihiyon ang nakapangyayari, halimbawa'y Muslim o Hindu. At nangyayari rin ito sa mismong mga lipunang nagsasabing mga Kristiyano sila pero tinatalikuran naman ang katarungan at respeto sa tao.

Ngayon, mas naiintindihan na ng Iglesya kung ano ang ibig sabihin ng pagbibigay-patotoo kay Kristo at ng pagpapahayag ng Magandang Balita sa mga pobre. Hindi na ito isang institusyong pinamumunuan ng isang mas nakatataas na hanay ng kaparian, at muli itong nagiging isang pamayanan ng mga pamayanan. Nauunawaan ng Iglesya na palapit ang kapahamakan para sa lahat ng bayan kung hindi sila matututong makipagbalikan. At ang pagkakabalikang batay sa katotohanan, katarungan at pagpapatawad ang bunga ng pag-eebanghelyo. Para sa kanila na hindi nakatali sa di-maiiwasang kapurulan ng diwa ng karamihan sa mga sumasampalataya, sa mga pagkakamali sa nagdaang panahon, o sa kabagalan ng ilang mga pagbabago, wala ngang kaduda-dudang ang dantaong ito ang magandang dantaon ng pag-eebanghelyo sa buong daigdig.

Meron pa bang iba?